**Republic of the Philippines**
**Department of Environment and Natural Resources**
Visayas Avenue, Diliman, Quezon City
Tel Nos. 929-6626 to 29; 929-6633 to 35
926-7041 to 43; 9296252; 929-1669
**Website: http://www.denr.gov.ph E-mail: web@denr.gov.ph**

14 Oktubre 2020

**MEMORANDUM**

PARA SA : **LAHAT NG REGIONAL EXECUTIVE DIRECTOR**
**STAFF AND LINE BUREAU DIRECTORS**
**SERVICE DIRECTORS**
**HEADS OF ATTACHED AGENCIES**
(NAMRIA, LLDA, NWRB, AND NRDC)

MULA SA : **PANGALAWANG KALIHIM**
Para sa Pamamahala ng mga Solidong Basura at Mga Usapin ng Lokal na Yunit Pamahalaan at Tagapangasiwang Pangalawang Kalihim para sa Serbisyo sa Estratehikong Komunikasyon at Inisyatiba at Task Force Tayo ang Kalikasan

PAKSA : **WEBINAR PARA SA PAGPAPATULOY NG KAGAWARAN SA PAGPAPAPALAGANAP NG KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP BLG. 335 SA PANAHON NG PANDEMYA**

Malugod po naming ipinapaalam sa inyo na ang pagsasagawa ng Webinar para sa pagpapatuloy ng ating Kagawaran na maipalaganap ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 335 alinsunod sa mga programa at gawain nito na naaayon sa kasalukuyang panahon ng pandemya. Ang webinar ay gaganapin sa petsang 11-13 ng Nobyembre 2020 na ang karagdagang gagawin ay ang mga balidasyon ng salin na amin nang nagawa noong nakaraang taon. Amin ding isasalin ang mga porma patungkol sa mga bagong gawain ng ating Kagawaran na mabigyan ng agarang solusyon ang mga hidwaan sa lupa ng ating mga stakeholder sa pamamagitan ng proseso ng Alternative Dispute Resolution (ADR) sa tulong ng ating Serbisyong Ligal na Gawain. Ang Webinar na ito ay gagabayan ng Komisyon sa Wikang Filipino.

Kaugnay nito, inaanyayahan namin kayo na magpadala ng kalahok mula sa inyong opisina sa nasabing Webinar. Para sa mga ibang impormasyon at katanungan ay mangyaring makipag-ugnayan kay Gng. Julie G. Ibuan at G. Antonio Nate, Jr. ng (Stakeholder at Pagsasaayos ng mga Alitan ng aming Stratehikong Komunikasyon at mga Pagsisimunong Serbisyo) sa Cellphone No. 0917-565-4345/0995-550-8461. Si Bb. Queenie Rodaje ay makikipag-ugnayan sa inyo para sa agarang pagkuha ng mga pangalan ng mga kalahok.

Para sa inyong kaukulang aksyon.

**BENNY D. ANTIPORDA**

MEMO NO. 2020 - 531

Republic of the Philippines
**Department of Environment and Natural Resources**
Visayas Avenue, Diliman, Quezon City, 1100
Tel. Nos. (632) 929-6626; VOIP Trunkline (632) 8249-3367/8248-3367
Website: http://www.denr.gov.ph

5 Oktubre 2020

**Dr. Arthur P. Casanova**
Akting Tagapangulo
Komisyon sa Wikang Filipino
Malacanang, Lungsod

Tawag-pansin: **Dr. Sheilee B. Vega**
Puno, Sangay ng Literatura at Araling Kultural

Mahal na Tagapangulong Casanova:

Isang maka-kalikasang pagbati mula sa Kagawaran ng Kapaligiran at Likas Yaman!

Sumulat kami patungkol sa aming kahilingan na tatlong (3) araw na Webinar para sa pagpapatupad at pagpapalaganap ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 335 at nang maipagpatuloy ang aming mga gawain sa Korespondensya Opisyal at ng mga Balidasyon ng Salin na amin nang nagawa sa Workshop noong 23-25 Oktubre 2019 sa Abagatan Ti Manila, Alfonso, Cavite.

Malugod po naming inaanyayahan kayo o ang inyong kinatawan para magbigay ng mga patnubay at direksyon sa nasabing aktibidad na gaganapin sa petsang 11-13 Nobyembre 2020 para sa pagpapatuloy ng programang ito na sasalihan ng mga Kawanihan, Ahensiyang Kaugnay, Serbisyong Tanggapan at ng mga Rehiyong Tanggapan na napapaloob sa aming Kagawaran.

Si Gng. Julie G. Ibuan, Hepe, Dibisyon ng Pamamahala ng mga Stakeholder at Pagsasaayos ng mga Alitan ng aming Estratehikong Komunikasyon at mga Pagpapasimunong Serbisyo ay makikipag-ugnayan sa inyo para sa mga ibang detalye ng programa. Amin pong ipapadala rin ang Alternative Dispute Resolution Form na isasalin sa mga tatlong pangunahing local na lengguwahe na isa sa pangunahing pangangailangan ng aming Ahensiya sa lalong madaling panahon upang lalong mapalawig ang aming serbisyo para sa aming mga kliyente tungkol sa usaping problema sa lupa.

Aasahan po namin ang inyong positibong tugon hinggil sa kahilingang ito.

Sumasainyo,

**BENNY D. ANTIPORDA**
Pangalawang Kalihim
Pamamahala ng mga Solidong Basura at mga Usapin ng Lokal na Yunit ng Pamahalaan at Tagapangasiwa ng Estratehikong Komunikasyon at mga Pagpapasimunong Serbisyo

# ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 335

## NAG-AATAS SA LAHAT NG MGA KAGAWARAN/ KAWANIHAN/ OPISINA/ AHENSYA/ INSTRUMENTALITI NG PAMAHALAAN NA MAGSAGAWA NG MGA HAKBANG NA KAILANGAN PARA SA LAYUNING MAGAMIT ANG FILIPINO SA OPISYAL NA MGA TRANSAKSYON, KOMUNIKASYON AT KORESPONDENSYA.

**SAPAGKAT** itinadhana ng Konstitusyon ng 1987 na "ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino"; na "samantalang nalilinang, ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na wika ng Pilipinas at sa iba pang mga wika"; at ukol sa "mga layunin ng komunikasyon at pagtuturo, ang mga wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino at hangga't walang itinatadhana ang batas, Ingles"; at

**SAPAGKAT** sa pamamagitan ng puspusang paggamit ng wikang Filipino sa opisyal na mga transaksyon, komunikasyon at korespondensya sa mga opisina ng pamahalaan ay lalong mauunawaan at mapapahalagahan ng sambayanang Pilipino ang mga programa, proyekto at mga gawain ng pamahalaan sa buong bansa, at sa gayon ay magsisilbing instrumento ng pagkakaisa at kapayapaan para sa pambansang kaunlaran.

**DAHIL DITO, AKO, SI CORAZON C. AQUINO,** Pangulo ng Pilipinas, ay nag-aatas sa lahat ng mga kagawaran/ kawanihan/ instrumentality ng pamahalaan na magsasagawa ng mga sumusunod na hakbang:

1. Magsakatuparan ng mga hakbang para sa paggamit ng Filipino sa opisyal na komunikasyon, transaksyon at korespondensya sa kani-kanilang opisina, maging nasyonal at local;

2. Magtalaga ng isa o higit pang tauhan, ayon sa pangangailangan, sa bawat tanggapan upang mangasiwa sa mga komunikasyon at korespondensya na nasusulat sa Filipino;

3. Isalin sa Filipno ang mga pangalan ng opisina, gusali at edipisyong publiko, at mga karatula ng lahat ng opisina at mga dibisyon nito o instrumentaliti ng mga iyon at, kung nanaisin, ilagay sa ibaba nito sa maliliit na letra ang tekstong Ingles;

4. Isa-Filipino ang "Panunumpa sa Katungkulan" ng lahat ng mga pinuno at tauhan ng pamahalaan;

5. Gawing bahagi ng programa ang mga pagsasanay ukol sa pagpapaunlad pantauhan ng bawat opisina ang kasanayan sa paggamit ng Filipino sa mga komunikasyon at korespondensya opisyal.

Upang maisakatuparan ang gayong mga layunin, inaatasan ang Linangan ng mga Wika sa Pilipinas na bumuo at magsagawa ng programa at mga proyekto na sumasaklaw sa: 1) kampanyang pang-impormasyon tungkol sa kahalagahan at kabuluhan ng wikang Filipino bilang epektibong instrumento ng pambansang pagkakaisa at pagpapaunlad, 2) Pagsasalin sa Filipino ng Atas Tagapagpaganap na ito, gayundin ng mga katawagang pampamahalaan upang maging sangguniang babasahin ng lahat ng opisina, 3) pagsasanay ng lahat ng mga pinuno at tauhan ng pamahalaan, 3) pagmomonitor ng implementasyon ng Atas na ito at pagrereport sa pana-panahon ng progreso ng implementasyon sa Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas, sa pamamagitan ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports, at 5) pagsasagawa ng iba pang mga istratehiya para sa puspusang implementasyon ng mga layunin at Atas na ito.

Kaugnay nito, inaawtorisahan ang Linangan ng mga Wika sa Pilipinas na sangguniin at hingan ng suporta ang lahat ng mga kagawaran/ kawanihan/ opisina/ ahensya/ instrumentaliti ng pamahalaan, nasyonal at local.

Pinawawalang-bisa ng Atas Tagapagpaganap na ito ang Atas Tagapagpaganap Blg. 187 na may petsang Agosto 6, 1969.

Inilagda sa Lungsod ng Maynila, ngayong ika-25 ng Agosto sa taon ng Ating Panginoon, labinsiyam na raan at walumpu't walo.

**(Lgd)CORAZON C. AQUINO**
Pangulo ng Pilipinas